Lesson 3
# SLAVE OF CHRIST

## GALACIA 1:10-12

*Ako ba'y naghahangad ngayon ng pagsang-ayon ng mga tao o ng Diyos? O sinisikap ko bang bigyang-lugod ang mga tao? Kung ako'y nagbibigay-lugod pa rin sa mga tao, hindi sana ako naging alipin ni Cristo.* [11]*Sapagkat nais kong malaman ninyo, mga kapatid, na ang ebanghelyo na aking ipinangaral ay hindi ayon sa tao.* [12]*Sapagkat hindi ko ito tinanggap mula sa tao, o itinuro man sa akin, kundi sa pamamagitan ng pahayag ni Jesu-Cristo.*

## PANIMULA

1. Ano ang isa sa pinakamabigat na desisyon na nagawa mo? Bakit ito naging mabigat? Sa tingin mo pagkatapos, tama kaya ang naging desisyon mo? Bakit?

*Tulay sa Pag-aaral:* Mabigat ang mga salitang binitawan ni Pablo sa verses 8-9. Mabigat na sabihin niya ang sumpa para sa mga nagtuturo ng maling ebanghelyo. Gayunpaman, ginawa pa rin ito ni Pablo, at alam niyang tama ang kanyang ginawa, dahil alam niya kung sino siya at kanino siya. Siya ay alipin ni Cristo! Anumang mabigat na desisyon, gagawin niya dahil alam niyang ito ang tama, ito ang gusto ni Cristo, ito ang makalulugod sa Diyos, at ito ang para sa ikabubuti ng mga mananampalataya. Sa pag-aaral na ito, aalamin natin kung ano ang kahulugan ng pagiging "alipin" ni Cristo at anu-ano ang implikasyon nito sa ating pang-araw-araw na buhay.

## PAGSASALIKSIK

2. Ayon sa verse 10, ano ang dahilan kung bakit nasabi ni Pablo ang mga mabibigat na salita sa verses 8-9? Paano niya ipinakilala ang sarili niya? Ano ang mas mahalaga sa kanya?

3. Ang "alipin" (*slave*, hindi lang *servant* gaya ng ilang mga salin sa English) ay galing sa salitang *doulos*, pinakamababang uri ng alipin na walang sariling kalayaan, at siyang pagmamay-ari ng panginoon. Kung ganito ang paglalarawan kay Pablo (at sa lahat ng Cristiano, Eph. 6:5-6; 1 Cor. 7:22-23; 1 Pet. 2:16), ano ang sinasabi nito ukol sa relasyon natin kay Cristo?

4. Anu-ano ang pagkakaiba ng "lingkod" (*servant*) sa "alipin" (*slave*)? Ano ang implikasyon nito sa ating buhay Cristiano kung iisipin nating tayo ay hindi lamang "lingkod" kundi "alipin" ni Cristo?

5. Ayon sa verses 11-12, ano ang dahilan kung bakit buong katapatan at katapangan na ipinapangaral ni Pablo ang ebanghelyo kahit marami pa siyang makaaway?

6. Kung si Pablo ay alipin ni Cristo, ano sa tingin mo ang mangyayari kung iibahin niya ang mensaheng tinanggap niya sa Panginoon na kanyang ipangaral? Anu-ano ang nakasalalay dito?

7. Sa anu-anong bahagi ng buhay natin hindi tayo nagiging tapat sa ebanghelyong tinanggap natin?

## PAGSASABUHAY

8. Bilang mga alipin ni Cristo, anong bahagi ng iyong buhay ang nakikita mong hindi ka nagpapasakop nang lubos sa kanyang kalooban? Maglaan ng ilang sandali upang humingi ng tawad sa Diyos.

9. Ano ang gagawin mo sa susunod na mga araw upang matiyak na sa mga pang-araw-araw na desisyon na gagawin mo (malaki man o maliit) makita na ikaw ay tunay na alipin ni Cristo – nagpapasakop sa kanyang kalooban at kanyang mga salita?